LEVEL 1

# Leveled Reader
## in Filipino

# Tayo ay Maglaro



Isinulat ni Sanjiv Jaiswal 'Sanjay'
Iginuhit ni Ajit Narayan



Ang pangalan ng munting elepante ay si Golu. Para siyang tambol sa bilog.
Ang pangalan ng munting kuneho ay si Katu. Para siyang bolang bulak.



Lagi silang magkasama sa paglalaro.
Isang araw, sabi ni Golu sa kaibigang kuneho, “Iba naman ang laruin natin.”



“Umupo ka Golu at tatalon ako sa likod mo,” utos ni Katu. Agad na umupo si Golu at nagsimulang tumalon-talon si Katu nang napakataas.



*Blag!* Bumagsak si Katu sa likod ni Golu. Napangiti ang munting elepante. "Ngayon ako naman," sabi ni Golu. "Umupo ka at tatalon-talon ako sa likod mo," dagdag ni Golu.



"Ikaw?" tanong ni Katu.
"Oo, ako," sabi ni Golu.
"Paano mo gagawin 'yun?" tanong ulit ni Katu.



"Ganito!" ipinakita ni Golu ang kaniyang gagawin.



*Blag! Blag! Blag!*
Nahulog ang mga niyog sa ulo ni Golu.



Takot na nagtatakbo si Golu.



Isa namang maliit na
niyog ang nahulog
sa ulo ni Katu.



"Mas mabuti na ito, kaysa sa elepante ang nahulog sa ulo ko," sabi ni Katu.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation